PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

Hakbang sa Pagsasabog-tanim sa basang lupa (*Direct Seeding Method*)

1. Gumamit ng barayti na angkop sa pagsasabog-tanim sa basang lupa.

2. Ihandang mabuti ang bukirin para magkaroon ng paunang simula ang pananim kaysa sa mga damo. Ang mga damo ay higit na matibay sa sabog-tanim sapagkat tumutubo sila kasabay ng mga pananim.

Siguraduhing patag ang palayan upang masigurong maganda ang tubo ng mga punla.

3. Pagkatapos mababad ng 24 oras at makulob ng 24-36 oras, patuyuin sa pamamagitan ng hangin ang mga buto bago ang pagpupunla para sa mas madaling pagsasabog. Gumamit ng 40 kilo kada ektarya.

4. Sa panahon ng pagsasabog, panatilihinng basa ang lupa ngunit huwag hayaang magkaroon ng naipong tubig.

5. Saglit na patubigan ang palayan, 3 araw matapos ang pagsasabog upang mapanatili na basa ang lupa.

6. Maaaring maglagay ng pamatay-damo 5-6 araw pagkatapos ng pagsasabog para sa epektibong pagkontrol ng damo.

7. Maglagay ng *pre-emergence herbicide* batay sa rekomendasyon ng pagawaan para sa mas epektibong pagkontrol ng mga damo.

8. Kung kinakailangan, magdamo sa ika 20-25 araw matapos magsabog-tanim upang maalis ang mga damong nakaligtas sa gamot o kaya ay gumamit ng *post-emergence herbicide*.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice